# 1

"Sir, sorry po, may soft copy po ba kayo ng story n'yo?" tanong ng secretary sa publishing company.

"Soft copy?" sagot ni Mr. Sebastian, isang manunulat. Hindi bababa sa 65 ang edad niya, at kung pagmamasdan, may kung anong hiwaga ang mababanaag sa mata ng writer.

"Computer copy po, soft copy," paliwanag ng secretary.

"Ah, eh, Miss, Minolta pa ang gamit ko, makinilya," balik ni Mr. Sebastian.

"Matagal na po ba kayong nagsusulat?" usisa ng babae.

Tumango lamang ang writer.

"Ah, pero marunong po kayong gumamit ng computer? O laptop kaya?" dagdag ng babae.

"Hindi gaano. Pero makinilya, gamay na gamay ko. Nasa komiks pa lamang ako, makinilya na ang gamit ko. Kahit nakapikit ako, alam ko na ang tiklado ng makinilya ko. Ang totoo nga, halos 300 kuwento na ang nasulat ko gamit ang makinilya, mahigit nang 35 taon akong nagsusulat," pagmamalaki pa ni Mr. Sebastian.

"Is that you, Mr. Sebastian?" tanong ng manager ng kompanya, si Mr. Licup. Napadako ito sa kinaroroonan niya.

Bahagyang ngumiti si Mr. Sebastian. Nawari nito ang mukha ni Mr. Licup. Alam nitong ang manager ay anak ng dating manager ng publication na pinagdadalhan nito ng mga natapos na kuwento.

Isinama siya nito sa opisina nito.

Naupo si Mr. Licup sa manager's chair, habang nasa unahan naman ng mesa si Mr. Sebastian na nakaupo sa silya.

"It's been years, Mr. Sebastian. You were one of the best writers way back 90s, back then when Dad was still managing this company."

"Ikaw na ba si Jackson?" balik ni Mr.

Sebastian.

“Yup, ako nga po. I was ten during those time. Sad to say, Daddy’s gone. So I’m now in-charge of continuing his legacy here. Bakit nawala po kayo? Bihira ko nang makita ang name ninyo sa circulation?” usisa ni Mr. Licup.

“Namahinga ako sa pagsusulat. Napunta ako sa ibang linya kaya hindi ko naipagpatuloy ang pagsusulat ko noon. Ngayon, nang nagkaroon na muli ako ng panahon, naisipan kong sumulat muli. Medyo naninibago na ako, parang maraming bagay na hindi ko na alam sa industriya ng publikasyon,” paliwanag ni Mr. Sebastian.

“Totoo po ’yon. Nasa computer age po kasi tayo ngayon kaya halos lahat ng paraan ng communication, online na. Kahit nga po publication, more on web na,” sagot ni Mr. Licup.

“Nawalan na pala ng puwang ang tulad naming tumanda na, hindi na kami makakaagapay sa mga bagong manunulat,” malungkot na pahayag ng matanda.

“No, marami pa rin pong traditional readers, priority pa rin nila ang magbasa ng hard copy. What I mean is, ’yong nasa porma pa rin ng aklat. Mabuti nakita ko kayo, I am planning to reprint ’yung mga old titles

namin dito, at kasama po ang mga kuwento ninyo na plano nang gawing ebook. 'Yon ay kung papayag kayo?" paliwanag ni Mr. Licup.

"Bakit hindi? Naibenta ko na ang rights ko noon sa mga kuwentong naisulat ko noon, nasa inyo ang karapatan kung ilalabas ninyong muli. Kung sa akin, salamat kasi mababasa nila ang mga sinauna kong kuwento," sagot ni Mr. Sebastian.

"No. Sa pagre-reprint po namin, may royalty kayo. Alam ko po naman na noong panahon ni Daddy, isa kayo sa nagpasikat ng publication namin kaya bilang pasasalamat sa inyo, kung anuman pong kuwento ninyo ang maging available online, may royalty po kayong matatanggap," pangako ni Mr. Licup.

"Salamat," sagot ni Mr. Sebastian at nagtapon ng bahagyang ngiti sa kausap.

"Magsulat po kayo. Kasi ibabalik namin sa circulation ang mga classic stories ng mga batikang manunulat sa Pilipinas, at tiyak, isa kayo sa mga magbabalik sa dati ninyong minahal na larangan."

"Makinilya pa rin ang gamit ko," kaagad na balik ng manunulat.

"Wala pong problema. Marami po tayong encoder dito sa publication, kaya kung ano ang nakasanayan ninyo, ganoon pa rin ang gawin ninyo," patuloy na paliwanag ng

kausap.

May nakitang pag-asa si Mr. Sebastian. Sa isip nito, kailangan nitong balikan ang pagsusulat na dati ay itinakwil nito.

Halos dalawang oras nang tumatakbo si Jasper. Hindi siya dapat tumigil, dahil sa oras na gawin niya iyon, tiyak aabutan siya ng taong pumatay sa kanyang mga kabigang sina Bobby, Hyden, at Paolo.

Parang gustong pagsisihan ni Jasper ang pagkakataong sumama siya sa kanyang mga barkada. Kung nakinig lamang sana siya sa kanyang Mommy, hindi sana niya mararanasan ang nakakakilabot na pangyayari.

*"Anak, wala kayong alam sa lugar na pupuntahan ninyong magkakaibigan, mas makabubuti na huwag na lamang kayong tumuloy sa inyong pupuntahan,"* paalala ni Carmen sa anak kanina.

Kaninang umaga lamang, masayang naghahanda ang magkakabarkada para sa kanilang gagawing trekking sa isang bundok sa Batangas, isang lugar na noon lamang narinig ni Jasper.

Halos magkakaedad ang magkakabarkada. Mahilig sila sa internet

games, adventures, at nabubuhay sa social media.

Nang halos hindi na matagalan pa ni Jasper ang pagod, humihingal na naghanap siya ng mapagtataguan sa isang malaking puno, at sinikap na maikubli ang sarili sa naglalakihang ugat ng puno. Nahiga si Jasper sa ilalim ng ugat, at sinikap na ikubli ang sarili, pigil ang hiningang nakiramdam sa paligid.

Papalubog na ang araw, ilang minuto na lamang ay tuluyan nang yayakapin ng dilim ang kagubatan. Marahan niyang kinuha ang bote ng mineral water sa kanyang knapsack, halos mababa na sa kalahati ang laman ng bote, bahagyang uminom si Jasper upang pawiin lamang ang panunuyo ng kanyang lalamunan.

Matapos maibalik ang bote ng mineral water sa kanyang knapsack, kinabig niya papalapit sa katawan ang mga dahon at sanga ng puno, upang ikubli ang sarili. Kailangan niyang bumawi ng lakas, kailangan niyang maging matatag.

Nang ipikit ni Jasper ang kanyang mga mata, nanumbalik sa kanyang gunita ang nasaksihang karumal-dumal na paraan ng pagkakapatay sa kanyang kaibigan si Paolo.

Kani-kanina lamang iyon.

Masayang nagtatawanan at nagbibiruan ang apat malapit sa isang sapa habang namamahinga. Halos ilang oras na rin silang naglalakad paakyat ng bundok, nasa masayang tagpo sila nang biglang may lumabas na isang lalaki mula sa madawag na lugar sa tabi ng sapa.

Nagulantang ang apat na magkakaibigan, at halos sabay-sabay na tumayo. Nakamata lamang sila sa isang lalaki na may hawak na isang maliit subalit matalim na palakol, mahaba ang buhok nito, puno ng tattoo ang katawan, at may kulay na pula at itim na nakaguhit sa mukha. Nanlilisik ang mga mata ng lalaki na nagpapalipat-lipat ang tingin sa apat na magkakaibigan.

Bumilis ang kabog ng dibdib ni Jasper. Pakiramdam niya, may hindi magandang balak na gagawin sa kanila ang lalaki. Unang kumilos si Paolo, anyong tatakbo, subalit katatalikod pa lamang nito nang asintahin ng lalaki ng hawak nitong machete. Bumaon ang machete sa likod ng ulo ni Paolo, animo nabuksang sprinkler ang dugong tumagas sa katawan ng binatilyo at padapa itong bumagsak.

Hindi nakapagsalita si Jasper, waring dumikit ang mga paa sa lupa sa labis na pagkabigla at kilabot sa nasaksihan.

Sumisigaw na tumakbo si Hyden, habang ang lalaki ay mabilis ding lumapit sa bumulagtang si Bobby, agad na kinuha ng lalaki ang machete at hinabol si Hyden, inabutan nito ang binatilyo sa gitna ng sapa. Mula sa kinatatayuan nina Jasper at Bobby, kitang-kita nila kung paano pinagpapalakol ng lalaki ang katawan ng kanilang kasamahan. Nagkulay-pula ang tubig ng sapa.

Wala nang hinintay pang sandali ang dalawa, mabilis silang tumakbo. Sumuot sa kagubatan, makaraan ang ilang minuto, hiniling ni Bobby na magpahinga muna sila.

Magkatabing sumandal ang magkaibigan sa isang malaking puno, habol ang paghinga, sa mga mukha ay kita ang labis na kilabot sa nasaksihan. Walang gustong magsalita sa dalawa, pigil ang hininga at iniiwasang gumawa man lamang kahit mahinang ingay.

Nasa ganoon silang tagpo nang biglang tumama ang machete sa pagitan ng dalawa at bumaon ito sa punong kanilang kinasasandalan. Hilakbot na biglang tumayo ang magkaibigan, tumakbo sa magkaibang direksyon.

Hindi alintana ni Jasper ang mga tinik at tusok ng kahoy na tumatama sa kanyang braso, sa tuhod, at sa katawan. Kailangan niyang makalayo, kailangang mailayo niya

ang sarili sa tiyak na kamatayan sa kamay na di-nakikilalang lalaki.

At nang bahagyang makalaya, isang malakas na sigaw at paghingi ng saklolo ang kanyang narinig. Tinig iyon ni Bobby, humihingi ng tulong. Hindi huminto si Jasper, alam niyang inabutan na ang salarin ang kaibigan, kailangang niyang tuluyang makalayo upang mailigtas ang sarili.

Biglang may tumalon sa ibabaw ng nabuwal na puno kung saan nagtatago si Jasper. Dahil sa makapal na mga sanga at dahon ng mga puno, nagawang maikubli ni Jasper ang sarili roon.

Sa siwang ng pinagtataguan, nabanaag niya ang mukha ng lalaking may machete, duguan ito, at ang dalawang kamay ay may hawak na bahagi ng katawan ng kanyang mga kaibigan. Waring gutom na gutom ang lalaki at kinakain ang braso at binti ng kanyang mga kabarkada.

Halos himatayin si Jasper sa nasaksihan, subalit hindi siya makagawa ng ingay, dahil sa oras na malaman ng kakaibang nilalang na nasa ilalim siya nito, tiyak na siya ang susunod na papatayin at lalamunin nito.

Binitawan ng lalaki ang buto ng brasong pinagkainan ng laman. Bumagsak ito malapit sa mukha ni Jasper.

Muntik na siyang mapasigaw, subalit agad niyang tinakpan ang bibig upang hindi makalabas ang kaunti mang tunog dahil sa labis na pagkasindak.

Patuloy ang pagkain ng nilalang sa nabuwal na malaking puno, tila hayok na hayok sa pagngasab sa malambot na laman ng katawan ng mga binatilyo. Nandilim ang paningin ni Jasper at tuluyan siyang nawalan ng malay dahil sa nakaririmarim at nakakakasindak na tanawing nasaksihan.

Balot na nang dilim ang paligid nang bumalik ang malay ni Jasper, hindi niya alam kung ilang oras siyang nanatiling walang malay. Nakiramdam siya sa paligid, tinitiyak kung nasa ibabaw pa ng malaking puno ang nilalang. At nang matiyak na wala na ang kumain sa kanyang mga kasamahan, unti-unti niyang inalis ang mga sanga at dahon ng puno na itinakip niya sa kanyang katawan. Maingat siyang gumapang papalabas ng ilalim ng puno, sinikap na hindi makagawa ng anumang ingay.

Hindi alintana ang mga tinik na bumabaon sa kanyang braso, ang mga dawag na sumasabit sa kanyang katawan, ang nasa isip ni Jasper ay kailangan niyang makalayo… kailangan niyang mailigtas ang sarili.

Hanggang sa makarating siya sa tabi ng batis, nagpatihulog siya sa tubig, hinayaang anurin ng tubig ang katawan hanggang sa batis sa ibaba. Doon sila nanggaling bago umakyat sa bundok.

Lumiwanag na dahil sumikat na ang buwan, kumikislap sa liwanag ang nalikhang maliliit na alon ng batis. Nang makarating sa pampang, dumapa si Jasper sa bato habang humihingal. Sa isip niya, tuluyan na siyang nakalayo sa halimaw.

Subalit ganoon na lamang ang labis na pagkagulat niya nang may limang waring katutubo na may mga hawak na sibat ang agad na lumapit sa kanya, pinaligiran siya ng mga ito habang nakaamba ang mga sibat.

Sa paligid ng batis, maraming aninong nakatayo na tila mga kasamahan ng mga lalaki.

Ilang sandali lamang, iginapos si Jasper ng mga animo mga katutubo, at tila baboy na itinali sa mahabang kahoy at pinagtulungang buhatin.

Hanggang sa makarating sa tila pamayanan, maririnig ang malalakas na tunog ng tambol. Waring nagdiriwang ang mga nakapaligid kay Jasper, ipinagdiriwang ang pagkakadakip sa kanya. Hindi niya maunawan kung anong wika ang ginagamit

ng mga taong nakapaligid sa kanya. Matapos ibaba sa isang malapad na bato, muli siyang iginapos, halos mabalot ng tali ang buo niyang katawan, hindi siya makagalaw, waring tatakasan na ng hininga ang kanyang dibdib, isang lalaki ang tumalon at bumagsak sa malapad na bato kung saan nakagapos si Jasper.

Kilala niya ito, ito ang nilalang na humabol, pumatay, at kumain sa tatlong niyang kasamahan.

Itinaas ng lalaki ang machete nito at ubos-lakas na ipapalakol kay Jasper. Napasigaw nang malakas si Jasper, mariing pumikit at hinintay na lamang niya ang pagtama ng machete sa kanyang katawan.

“Jasper, Jasper, gumising ka, anak! Kanina ka pa sumisigaw,” yugyog ng mommy niya.

Mula sa silid ng kanyang mga magulang, nagulantang ang mga ito ng malalakas na sigaw ng binatilyo.

Habol ang hininga, naupo si Jasper, hawak ang dibdib. Basang-basa ng pawis ang kanyang katawan.

“Ito, uminom ka. ’Yan ang epekto ng halos maghapon at magdamag na paggamit mo ng

cellphone," alok ng daddy ni Jasper.

Inabot niya ang baso ng tubig at agad na uminom doon.

Nakadama siya ng pagluluwag ng dibdib. Akala niya, totoo ang lahat na nangyari sa kanyang panaginip.

# 2

Muling nagkita-kita sina Jasper, Bobby, Paolo, at Hyden.

Tahimik lang si Jasper, naglalaro pa rin sa isipan niya ang napanaginipan nang nakaraang gabi. Kitang-kita niya roon kung paano pinatay ang kanyang kaibigan ng isang nilalang na hindi niya mawari kung tao ba o halimaw.

"P're, mukhang seryoso ka ngayon, ah!" pansin ni Bobby nang lumapit sa kinauupuan niya.

"Sagwa kasi ng panaginip ko kagabi, kitang-kita ko kung paano kayo kinatay at kinain ng isang halimaw," pagtatapat ni

Jasper.

"Halimaw daw. Baka naman dahil sa kababasa mo 'yan ng mga online horror stories?" balik ni Bobby.

"Lol, nakaka-bore nga 'yung mga nabasa ko, eh. Sasabihing horror story, ta's kapag binasa mo, hindi naman nakakatakot."

Lumapit na rin si Hyden.

"Seryosohan na yata usapan ah, baka p'wedeng share naman diyan," wika nito sa dalawa.

"Wait," pigil ng lumapit na si Paolo. "Baka naman malamangan ninyo ako sa pinag-uusapan n'yo, may bago bang viral na video? Pa-share naman, luma na kasi itong cemetery video ko. Aba'y lampas na Pasko, wala pang bago?"

"Inam! Kaya laglag na 'yang wetpaks mo, kaba-viral video mo," asar na balik ni Bobby. "Di video usapan dito, 'yong panaginip ni Jasper! Kitang-kita daw niya nang patayin tayo ng isang halimaw at pinagkakatay daw tayo at kinain."

"Weh, may gan'un? Bangungot nga! Ayaw ko pang ma-dead, marami pa akong dreams sa buhay," ayon naman kay Hyden.

"Kasi naman itong mga isini-share mo sa akin, lahat puro horror. Bakit ba ang hilig mo sa horror stories?" tanong ni Paolo.

"Wala lang. Boring kasi 'yong mga real stories about life, ordinaryo na lang. Kaya nga kaasar manood ng mga *Netflix*, mga love-love na lang lagi ang theme, boring!" inis na balik ni Jasper.

"Napakinggan mo na ba itong *Ulo sa Bayong*? Tagalog Horror story ito," tanong ni Hyden at ipinakita pa ni Hyden mula sa cellphone ang tinutukoy na kuwento. "Kita mo o, ang daming positive comments," dagdag pa nito.

"Yuck, nabasa ko na 'yan! Walang 'wenta, di nakakatakot! Parang police story lang, di man lang ako natakot. Send mo nga link at nang makapag-comment, dinelete ko kasi 'yan sa cellphone ko," hiling ni Jasper.

Agad namang sinunod ni Hyden ang kahilingan ng kaibigan.

"Alam mo, Jas, siguro kung magiging writer ka, mas magaling ka sigurong sumulat ng mga horror stories?" pahayag ni Hyden.

"Wow, naks sa comments! Daming hearts at thumb-ups, di naman okay ang kuwento," inis na wika ni Jasper nang makita ang link.

"Hayaan mo na lang, p're, iba-iba naman kasi ang taste ng readers. Ikaw kasi, ang gusto mo, parang mga style *Saw*, *Chainsaw Massacre*, *Wrong Turn*, *Train to Busan*. P're, mga batikan ang director noon. Simple din

naman mga stories nila, di ba? Nagiging okay lang kapag isinapelikula na malaki ang budget," paliwanag ni Bobby.

"Basta walang dating sa akin ang horror na ito," sagot ni Jasper. At nagsulat siya ng comment sa online story. "Sa Pinoy horror, gumalaw lang ang kurtina, tilian na ang mga tao. May lumukso lang na pusa, halos mamatay na sa pagkagulat. Gosh, walang kuwenta."

"Wait, p're, sandali! Baka magalit sa 'yo mga followers ng writer kapag binash mo 'yung story na ni-like nila," pigil ni Bobby.

"Eh sa di okay sa akin eh, alangan namang mag-comment ako ng maganda, hindi ko nga gusto?" katuwiran ni Jasper.

"Respect na lang, p're. Kapag nag-comment ka diyan, aatakihin ka ng mga fans ng writer, maraming magagalit sa 'yo," paliwanag ni Hyden.

"Hindi lang naman ako ang magba-bad comment, ah. Tingnan mo nga, may mga laughing emojis pa."

"Bahala ka. Paalala lang, 'wag mo na lang i-bash ang writer, para wala kang problema," dagdag na suhestiyon ni Paolo.

Subalit hindi napigilan ng mga kaibigan si Jasper.

*'Wow, horror story ba ito? Baka naman*

*children's bedtime story. Kung horror story ito, weh, watta trash!'* ang sinulat niya sa comments section.

Tama nga ang sinabi ng mga kaibigan, umulan ng notifications ang account ni Jasper.

"O, kitam, eh, di may pumansin sa account ko ngayon?" natatawang pahayag ni Jasper.

"Bahala ka. Look, ang daming mong replies at negative reactions," sagot ni Hyden.

"Sorry, I have no time to entertain those losers. Ang baba ng taste ninyo, I don't care sa mga nega comments ninyo. Akala ninyo, sasagutin ko pa kayo? Basta nasabi ko na kung ano'ng gusto kong sabihin, 'yon na 'yon," may tila pagmamalaki pang saad ni Jasper.

Nang bumalik si Mr. Sebastian sa publication company, masayang ibinalita ni Mr. Licup ang unang online story ni Mr. Sebastian.

"Sir, medyo marami namang nag-avail ng ebook ninyo. May magagandang comments ang readers, at siyempre may mga negative comments din. Ganoon lang naman sa

writing, may nakakagusto sa mga kuwento ng writer, at mayroon ding hindi. At s'abi nga natin, in writing, bad and good comments both can help us in developing our writing style," pahayag ng publisher.

Subalit dahil kulang ang kaalaman sa makabagong paraan ng komunikasyon, balewala lamang kay Mr. Sebastian ang mga sinabi ni Mr. Licup.

"So anyway, maraming natutuwang dati mong tagasubaybay, at marami rin ang nagtatanong kung saan ka galing o saan ka nagtago sa panahong hindi ka nagsusulat," ayon pa kay Mr. Licup. "At siya nga po pala." Iniabot nito ang cheque sa kanya, "paunang bayad pa lamang po 'yan sa nakaraang sales ng e-book ninyo. Isusunod na rin po natin ang printed copies ng mga bago ninyong stories."

Tinanggap ni Mr. Sebastian ang cheque.

"Maraming salamat. Malaking tulong ito para sa pang-araw-araw naming gastusing mag-asawa."

"Saan nga po pala kayo nakatira ngayon?" usisa ng kausap.

"Nakakahiya mang sabihin, nasa loob kami ng *La Loma*," pagtatapat niya.

Hindi na inungkat pa ni Mr. Licup kung sa loob ba ng sementeryo nakatira si Mr.

Sebastian, ang mahalaga, nasa Quezon City lamang ang dating manunulat.

Nag-trending nga ang comment ni Jasper. Sa pagdaan ng mga araw, dumami ang bashers niya at kung anu-anong meme ang makikita sa link ng writer patungkol kay Jasper.

“Ang sarap palang mag-trending, dumarami ang nagpapa-add sa ’yo. Kaso lang, di ko sila ina-accept, alam ko naman kung ano’ng balak nila. Once na maging friend ko sila, magiging stalker ko lang sila, at baka i-hack pa nila ang account ko,” pagmamalaki ni Jasper.

“Mga nega comments, okay lang sa ’yo ’yon?” tanong ni Hyden.

“P’re, nega and posi comments, pareho lang effect n’un sa publicity. Ang mahalaga, sikat na ’yung account ko,” pangangatuwiran ni Jasper.

“Basta kami naman, nagpapaalala lang. Alam mo naman ngayon, hindi mo kilala ang mga kaaway, maraming fake accounts,” dagdag pa ni Bobby.

Nang umuwi si Jasper, may ibinalita ang kanyang mommy.

“Dumating na ’yung order mo, nasa

ibabaw ng mesa sa kuwarto mo. Tinanong ko kung paid na, okay na daw kaya tinanggap ko na lang," sabi nito.

"Order? Wala naman akong order, ah," bulong ni Jasper sa sarili.

Agad pumasok ng silid si Jasper at inalam kung ano ba iyong order na dumating para sa kanya. Isa box ang nasa ibabaw ng kanyang mesa.

Bago buksan ni Jasper, binasa muna niya kung talagang para sa kanya ang dumating na package. Pangalan nga niya ang naroon.

"Pero wala naman akong natatandaang order ko this week. Teka, ano ba ito?" kausap niya sa sarili.

Matapos mabuksan ni Jasper ang kahon, isang lumang aklat ang nakita niyang laman niyon.

'*The Ultimate Horror Story*' ang pamagat ng libro.

"Author Unknown? Wow ha, sino kayang friend ko ang nagpadala sa akin nito? Mukhang alam niyang mahilig akong magbasa ng horror stories," nakangiting sabi ni Jasper sa sarili. "Teka, mamaya kita babasahin. Magsa-shower muna ako at kakain, medyo nagugutom na ako."

Matapos makapaligo at makapagbihis, lumabas ng silid si Jasper, bumaba ng

hagdanan at nagtuloy sa kusina. May dalawang babae roon at isang lalaking katulong ng kanyang mommy sa paghahanda ng mga iluluto. Maraming iba't ibang pagkain sa ibabaw ng mesa at ganundin sa labas, kung saan naroroon ang kanilang dirty kitchen. Abalang nagluluto ang cook na kinuha ng kanyang mommy.

"Mom, ano'ng meron? Bakit parang wala man lang akong alam sa preparation ninyo ngayon?" usisa ni Jasper.

Bagaman pawisan at halatang pagod na ang ginang, masaya itong lumapit sa anak.

"Ikaw kasi, mas madalas ka pang nasa bahay ng mga barkada mo, kaysa tulungan kami dito. Birthday ni Daddy mo sa Tuesday, kaso may pasok siya n'un, kaya ngayong araw na lamang niya ako pinaghanda. Bukod kasi sa birthday ni Dad mo, na-promote pa siya. Branch manager na ang Dad mo kaya nag-blow out siya sa mga kaibigan niya," masayang balita ni Mrs. Carmen De Guzman.

"Wow, swabe si Daddy, bigatin na," masayang balik ni Jasper.

"Kaya mamaya, kapag dumating na ang mga bisita ni Daddy mo, behave ka lang. Huwag gumawa ng isyu o umeksena. Party ni Daddy mo ito, kaya pagbigyan natin siya," pakiusap pa nito.

“Mom, can you give me money?” hiling ni Jasper.

“Di ba may laman online wallet mo?” balik ni Mrs. De Guzman.

“Yeah, but I need cash. Pupunta kasi ako ng mall, bibili ako ng regalo ko kay Daddy.”

“Okay, you can get 2k from my bag upstairs. Enough na ba ’yon?” tanong ng babae.

“I’ll make it 3k na lang, Mom, to make sure na magugustuhan ni Dad ang regalo ko sa kanya mamaya,” pakiusap ni Jasper.

Nang makakuha ng pera mula sa shoulder bag ng ina, agad na bumalik ng sariling silid si Jasper. Naglalaro sa kanyang isip kung anong magandang regalo ang dapat niyang bilhin para sa birthday at promotion ng kanyang ama.

“Ang hirap namang mag-isip ng regalo. Maghanap na nga lang ako sa *Google* kung ano ang best gift for dads,” aniya sa sarili at agad na lumapit sa laptop na nasa maliit na table malapit sa headboard ng kama.

Sinimulang mag-surf si Jasper sa Internet.

Makalipas ang ilang sandali, nahiga siya sa kama at nanatiling pinag-iisipan kung ano ang ipanreregalo.

“Halos lahat naman ng items sa *Google*,

mayroon na siya, ano kaya'ng ireregalo ko sa kanya? 'Yong magugustuhan niya, 'yong gusto talaga niya," naglalaro sa isip ni Jasper. "Pero mahilig si Dad sa mga collectible items… teka, tingin nga uli ako." Muli siyang bumalik sa harapan ng laptop.

Iba't ibang collectible items ang nakita niyang magandang ipangregalo, mula sa mga antiques na hand guns, mga bagong motor bikes, cars at iba't ibang mamahaling pangregalo. Kaya lang, tatlong libo lamang ang budget niya para sa regalo.

Minabuti na lang ni Jasper na i-video chat si Bobby.

"P're, samahan mo naman ako sa mall, bibili ako ng regalo para kay Daddy para mamaya sa celebration ng birthday niya," panimula niya.

"Isama na rin natin 'yong dalawa, bike na lang tayo papuntang mall?" balik nito.

"Sige, 'kaw na lang mag-chat d'un sa dalawa, ihanda ko muna bike ko. Kitakits na lang tayo sa tambayan after fifteen minutes," ayon kay Jasper.

"Sige, p're, i-chat ko 'yong dalawang kumag. Sige, kita na lang tayo 'maya 'onte," pagtatapos ni Bobby.

Inihanda ni Jasper ang sarili; nagsuot ng iba't ibang accessories para sa biker.

Kailangang kompleto siya roon dahil kung hindi, baka mahuli na naman siya ng mga pulis at ma-impound uli ang kanyang bike.

Madalas na kasama niya ang ina sa pagkuha ng bike kapag nahuhuli sila ng mga pulis at nagkaroon ng violations.

Ilang sandali lamang, magkakasama nang naka-bike ang apat na magkakaibigan papunta sa isang mall malapit sa village kung saan sila nakatira.

Sa parking area ng mall, matapos na maiayos ang kani-kanilang mga bike, nag-usap-usap muna ang barkada.

“Basta ang target natin maibili si Daddy ng regalo. After that, puwede na tayong pumunta sa bahay at tiyak na maraming lutong pagkain sa house kaya puwede na tayong maki-party. Kaya lang, for adults ’yun kaya hindi tayo puwedeng makisali. Kakain lang tayo, then, sa tambayan na lang tayo mag-stay,” mahabang paliwanag ni Jasper sa mga kaibigan.

# 3

Nang dumating si Mr. Sebastian sa tinutuluyang mauseleo sa loob ng *La Loma*, agad na inilapag niya ang ecobag sa kung saan, nakalagay roon ang mga pinamiling pagkain para sa kanilang mag-asawa.

Agad na lumapit si Aling Linda, ang asawa ni Mr. Sebastian.

"Hoy, Dominador, saan galing ang pera mo? Nagbayad na ba ang mga anak ni Mr. Chiong sa pagbabantay natin dito sa mauseleo?" usisa ng ginang.

"Linda, kahit hindi sila magbayad sa atin sa ginagawa nating pagbabantay sa kanilang

mga namayapang kamag-anakan, iyong pagpapatira nila sa atin dito ay sapat nang kabayaran sa atin. Kaysa sa lansangan tayo matulog, hindi hamak na maganda dito sa loob ng kongkretong mauseleo," paliwanag niya.

"Ah, basta, ako'y bahagihan mo man lang at nang maitaya ako sa Bingo-han mamaya," pakiusap ni Aling Linda sa asawa.

"Dahil sa kabi-Bingo mo kaya hindi mo namamalayan na tumutunog na naman ang makinilya ko."

"Ano?" Nabigla ito. "Nagsusulat ka na naman? At sino naman ang tatanggap ng sinulat mo sa panahon ngayon? Dominador, lumipas na ang panahon mo, at alam mo pa rin siguro ang dahilan kung bakit napilitan kang huminto sa pagsusulat noon," paliwanag at paalala ng babae.

"Matagal nang panahon ang lumipas, nagbabakasakali lamang naman ako. Baka 'ka ko, makapagsulat uli at nang tayo nama'y may maipambili man lamang ng masasarap na pagkain."

"Naiisip ko lang, sana naman wala na 'yong dati... 'yung nasa panahon ka ng kasikatan, tapos bigla ka na lang hihinto sa pagsusulat."

"May dahilan ako noon, Linda, kung bakit

huminto ako sa pagsusulat. Pero ngayon, may dahilan din ako kung bakit kailangan ko nang magsulat muli. Kailangan nating mabuhay nang matiwasay. Matatanda na tayo, hindi ko na makakaya pa ang mabibigat na trabahong ipinalit ko noon sa pagsusulat ko. Mahabang panahon tayong nagsama, nagpapasalamat ako na hindi mo ako iniwan. Biniyayaan man tayo ng anak, iyo'y naging pansamantala lamang. Pero ikaw, hindi mo ako iniwan," malungkot na pahayag ni Mang Dominador.

"Eh, bakit naman kita iiwan? Wala ka namang nagagawang mali sa akin. Lahat ng bagay, ginawa mo para lamang sa ating dalawa. Kaya lang, malupit sa atin ang tadhana. Binigyan nga tayo ng anak, pansamantala lamang naman. Pareho tayong nasaktan. Dapat sana siya ang mag-aalaga sa atin sa oras na tayo'y tumanda na," naluluhang pahiwatig ni Aling Linda.

"Eh, matatanda na tayo ngayon, ano pa ba'ng hihintayin nating panahon? Linda, matanda na tayo. Ilang panahon na lang, lilisanin na natin ang mundo, kaya lang, sana ikaw ang mauna sa akin."

"Aba'y ang lintek na ito! Ako pa yata talaga ang gustong mauna," inis na balik ng asawa.

“Linda, kapag ikaw ang mauuna sa akin, masaya ako dahil makikita ko kung paano ka maisasaayos. Maaasikaso ko ang paglalagakan ng katawan mo, ang mga kakailanganin mo sa lamay, sa nitso, sa pagbabayad ng ataul mo, ang mga pangangailangan mo.”

“Kahit ikaw ang mauna, ’yon din naman ang gagawin ko sa ’yo. At bukod pa doon, naipangako na sa atin ng mga anak ni Mr. Chiong na sila ang bahala sa mga pangangailangan natin. Malawak daw naman itong mauseleo kaya, maaring dito na rin lamang daw tayo ilibing kasama ng mga kamag-anak nila,” balita ni Aling Linda.

Hindi lamang sina Mang Dominador at Aling Linda ang naninirahan sa loob ng malaking sementeryo sa Maynila. Marami sa kanila ang nakikipanahan din sa mga mauseleo roon. Kung minsan, pinapaalis sila ng lokal na pamahalaan, subalit dahil wala rin namang maipagkakaloob sa kanila na malilipatan, hinayaan na lamang silang manatili roon.

“Kumain kayong mabuti, ah. Huwag mahihiya,” hikayat ni Mrs. De Guzman sa

kabarkada ng anak na si Jasper.

"Naku, Mommy, wala nang mga hiya 'yan. Sa halos araw-araw na pakikikain nila sa atin, hindi na mahihiya mga 'yan," pabiro namang sabi ng binatilyo.

"Sarap, p're, ng foods," komento ni Bobby.

"Lasang ulit talaga, kaya p'wedeng bumalik pa ako?" sang-ayon ni Hyden.

"Bumalik ka hanggang gusto mo," susog ni Jasper.

Sa labas ng kanilang bahay, nasa bakuran ang mga bisita ng kanyang daddy, abala din ang kanyang mommy sa pag-aasikaso sa mga ito.

Mula sa bintana, tinanaw ni Jasper ang kanyang ama na masayang nakikipagbiruan sa mga kaibigan.

"Siyanga pala, p're, naibigay mo na ba ang gift mo sa daddy mo? 'Yong binili natin kanina?" tanong ni Paolo.

"Hindi pa, p're. Humahanap pa ako ng tiyempo, ang dami kasing bisita ni Daddy, naisip ko, mayamaya na lang siguro ako lalapit para ibigay sa kanya ang regalo ko," paliwanag ni Jasper.

Matapos na kumain ang magkakaibigan, magkakasamang umakyat ng silid ni Jasper ang apat, at sa loob ng silid niya, tumambay ang tatlo habang abala sa paggamit ng kani-

kanilang mga cellphone.

Sa ibabaw ng kama ni Jasper, nakalapag ang nakabalot na regalo niya sa ama.

“Alam mo, tiyak na magugustuhan ng daddy mo regalo mo. Hindi ba s’abi mo, mahilig siya sa mga collectible items? Swak sa kanya ’yang napili mong regalo,” wika ni Hyden.

“Sana nga. Alam mo naman si Daddy, hindi ko sure kung ano’ng hilig niya talaga. Basta ang alam ko, mahilig siya sa work niya. Kaya nga hayun, na-promote na bilang branch manager. Naisip ko nga, baka kung saan na namang bahagi ng Pilipinas ma-assign si Daddy. Ang problema, madalas na kapag napalipat si Dad ng assignment, kasama niya kaming lumilipat ng lugar,” kuwento ni Jasper.

“So ibig sabihin, wala na ang barkadahan natin, maghihiwa-hiwalay na tayo?” ani Hyden.

“Di ko sure, basta prayer ko na lang na sana dito rin sa Maynila ma-assign si Daddy,” pagtatapos niya.

May kumatok sa pinto ng silid; ang kanyang mommy.

“’Nak, baka gusto mong sabay na tayong mag-present ng gift natin kay Dad?” anyaya ni Mrs. De Guzman.

Agad na kinuha ni Jasper ang kanyang regalo sa ama at agad na lumapit sa kanyang mommy.

"Mga p're, diyan muna kayo. Sasabay na ako kay Mommy na mag-present ng gift namin kay Dad," pamamaalam ni Jasper.

"No, sasama ako!" Si Bobby.

"Ako din," ayon kay Paolo.

"Dito na lang ako, wait ko na lang kayo," pahayag naman ni Hyden.

Naiwan si Hyden sa loob ng silid ni Jasper.

Nagmasid-masid siya nang mapansin niya ang isang aklat na nakapatong sa maliit na mesa malapit sa headboard ng kama.

Naupo siya sa tabi ng kama, hinahawakan ang book.

"*The Ultimate Horror Story*?" basa niya sa titulo ng libro. "Mahilig talaga sa horror stories itong si P'reng Jasper. Kahit sa online stores, bumibili pa ng book. Teka, parang kakaiba ang book. Hard bound at ang cover… ano ba ito, plastic?" bulong ni Hyden habang sinusuri iyon. "Hindi naman ito plastic, parang tela, or what? Teka, parang skin… yup, skin ng snake? Alligator? Oh." Sinipat mabuti ni Hyden ang pabalat ng aklat. "Teka, parang human skin? Dried human skin, may buhok pa ang mga pores sa skin." Labis na nagulat siya sa natuklasan at agad na

ihihagis ang aklat. Tumilapon iyon malapit sa ilalim ng kama ni Jasper.

Agad na lumapit sa pinto si Hyden at lumabas. Patakbong bumaba siya ng bahay at sumunod sa pinuntahan ng mga kaibigan.

Nagpalakpakan ang mga panauhin matapos na maipagkaloob ni Mrs. Carmen De Guzman ang regalo nito sa asawa. Isang mariing halik naman ang ipinagkaloob ni Martin kay Mrs. Carmen.

Matapos iyon, tinawagan nito ang anak na si Jasper.

"Ngayon naman po, ang kaisa-isang anak namin ni Martin, si Jasper... Gusto niyang ipagkaloob sa daddy niya ang regalo niya," pakilala ni Carmen sa anak at sinalubong ng malakas na palakpakan mula sa mga panauhin.

Nakamasid lamang sina Bobby, Paolo at Hyden. Hindi pa rin maitago ni Hyden ang kilabot sa mukha dahil sa natuklasang aklat ni Jasper.

Tinanggap ni Jasper ang microphone mula sa mommy niya.

"Hello, guys, hello, Dad," panimula ng binatilyo. Sumulyap siya sa kanyang ina, na tumango lang. "Hello, Daddy! Happy birthday! I am not sure if you will like my gift, but I do hope you will like it. Dad, I love

you, and congratulations sa promotion! More birthdays and more promotions!” Lumapit siya sa ama, yumakap at humalik sa pisngi nito. “I love you, Daddy,” bulong pa niya.

Tinanggap naman ni Martin ang regalo ng anak. At sa harapan ng mga bisita, binuksan niya iyon.

Nang mabuksan, agad na itinaas ni Martin ang isang katana.

Nakamasid lamang ang mga tao. Binunot ni Martin sa scabbard ang katana.

Itinaas nito ang mahabang sandata at waring nagbibirong sumigaw pa, “Ngayon, isa na akong ganap na samurai!”

Palakpakan ang mga panauhin sa ginawa ni Martin. Lumapit si Carmen sa asawa, at tinulungan itong ibalik sa scabbard ang mahabang espada.

“Nagpapasaya lang ako ng mga panauhin natin, honey,” bulong ni Martin sa asawa.

“I know. Pero lasing ka na, baka masugatan ka pa,” ganting bulong ni Carmen.

Lumapit din si Jasper sa mga magulang.

“Dad, I’m happy na nagustuhan mo ang gift ko,” aniya. “Nahirapan kaming maghanap kanina sa mall ng ipangreregalo sa ’yo. Buti na lang may nakita ako online ng nagbebenta niyan. Nag-meet na lang kami sa mall at d’un nagbayaran. Malamang din kasi di kami

pagbebentahan ng ganyan kung sa mismong mall kami nakahanap niyan.”

“Salamat, anak. Salamat sa regalo mo,” balik ni Martin.

“Isasabit ko na lang muna ito sa may living room natin, Dad. Ikaw na lang mag-decide kung saan mo ito gustong ilagay pagkatapos ng party,” magalang na ani Jasper.

“Yes, anak, salamat.” Halata na ang pagkalasing ng ginoo sa pagkilos at pagsasalita nito.

Magkakasamang pumasok ng bahay sina Jasper at mga kabarkada niya. Agad isinabit ni Jasper ang scabbard ng katana sa likod ng pinto ng bahay.

“Now, saan tayo? Sa tambayan ba tayo o gagala tayo sa village?” tanong ni Jasper.

“Gala na lang tayo sa village. Sa court tayo,” sagot ni Bobby.

“Wait, may ipakikita muna ako sa inyo,” antala ni Hyden.

“Mamaya mo na lang ipakita ’yan. ’Lika na, gala na tayo,” sabi naman ni Paolo saka patakbong sumunod kina Jasper at Bobby.

Walang nagawa si Hyden kundi ang sumunod sa mga kaibigan. Gusto lang naman nitong alamin kung totoo ang naglalaro sa isip nito na balat nga ng tao ang nakapabalat sa aklat ng kaibigan.

Habang lumalalim ang gabi, unti-unting nag-uuwian ang mga panauhin ni Martin sa ginawa nitong party bilang celebration ng birthday at promotion nito sa trabaho.

Napagod na rin si Carmen at ipinagkatiwala na lamang sa mga kinuhang katulong ang pag-aasikaso sa mga dapat iligpit na mga gamit pagkatapos ng party. Umakyat sa master's bedroom si Carmen at ipinasyang humimlay at magpahinga. Sa halos maghapong paghahanda, labis na pagod ang nadama nito.

Hindi napansin ni Carmen, nakaidlip siya agad at hindi nito namalayan kung ano ang nangyari sa loob ng kanilang tahanan at bakuran.

Anyong papasok si Jasper sa kanilang bakuran subalit hinadlangan siya ng mga pulis na nakapalibot sa bahay.

“Ano'ng nangyari? Si Mommy? Si Daddy? Papasukin ninyo ako, ano'ng nangyari sa kanila? Please, parang awa n'yo na, hayaan ninyo akong makapasok! Gusto kong makita sina Mommy at Daddy,” lumuluhang

pakiusap ni Jasper sa mga pulis.

"Sandali lang, anak. Sisiguraduhin muna nating wala na ang kriminal sa loob ng area," anang isang pulis.

"Kriminal? Sinong kriminal?" litong balik ni Jasper.

"Hindi natin alam, pero ayon sa report, may massacre na nangyari dito sa bahay ninyo," dagdag ng pulis.

Napaluhod si Jasper, hindi pa niya matiyak kung ano ang nangyari sa kanyang mga magulang.

# 4

Nang makapasok ang mga pulis sa bakuran nina Mr. Martin at Mrs. Carmen De Guzman, magulong-magulo ang mga kasangkapan na ginamit sa pagtitipon, basag-basag ang mga baso, pinggan, at wasak-wasak ang mga upuan at mesa.

May apat na bangkay na natagpuan sa iba't ibang bahagi ng bakuran. Tigmak silang lahat ng dugo, pawang sugat na likha ng isang matalim na bagay ang kumitil sa buhay ng mga ito. Sa talim ng ginamit na sandata ng kriminal, halos maghiwa-hiwalay na ang mga bahagi ng katawan ng mga biktima.

Maingat na ginalugad ng mga pulis

ang lugar, isang babaeng nagtatago ang natagpuan ng mga pulis sa ilalim ng labado sa dirty kitchen ng bahay.

"Huwag po! Maawa po kayo! Hindi po ako, wala po akong kasalanan!" nangangatal na anang babae. Iyon ang babaeng inupahan ni Mrs. Carmen De Guzman na tumulong sa pag-aasikaso para sa handaan.

Agad na inalalayan ng dalawang pulis ang natagpuang babae sa ilalim ng lababo. Makalipas ang ilang sandali, isang pang babae ang nakita naman sa loob ng malaking cabinet. Kasama rin iyon sa mga inupahan ni Mrs. Carmen para makatulong.

Binuksan ng mga pulis ang ilaw sa sala ng bahay.

"Sir, bakit parang wala naman yatang nangyari dito sa loob ng bahay? Baka sa labas lang, sa bakuran lang naganap ang massacre?" bulong ng pulis sa senior nito.

"Sina Mr. at Mrs. De Guzman ang dapat nating malaman kung nasaan," sagot ng huli.

Maingat na umakyat ang apat na pulis sa itaas ng bahay ng mga De Guzpan, pawang nakaalerto at nakatutok ang mga baril at handang magpaputok sa oras na may magtangkang lumusob sa mga ito.

Maayos ang loob ng tahanan, kaiba sa labas ng bahay kung saan nakakalat ang

mga duguang biktima ng pamamaslang.

Nang makaakyat ng itaas ng bahay ang mga pulis, kung saan naroon ang mga silid ng pamilya, tila wala ring nangyaring kaguluhan doon. Nakasarado ang dalawang silid sa itaas, ang silid ni Jasper at ang silid ng kanyang mga magulang.

Inalalayan ng mga pulis na makaakyat ng bahay si Jasper.

"Alin ang silid mo dito, anak?" tanong ng senior police kay Jasper.

"Ito pong nasa kaliwa. Iyang nasa kanan po, kina Daddy at Mommy," pabulong na sagot ng binatilyo.

"Nasa loob ba ang mga magulang mo?" muling tanong ng pulis.

"Wala po akong alam. N'ung umalis po ako kanina, masaya pa po sila sa party, nagulat na lamang po kami nang may marinig kaming mga sasakyan ng pulis na papalapit dito sa bahay. Kaya agad po akong umuwi," paliwanag ni Jasper.

Inutusan ng senior ang isang pulis na buksan ang silid ng mag-asawang De Guzman. Pero naka-lock ang pinto niyon.

Agad na kinuha ni Jasper sa taguan ang susi ng silid ng mga magulang.

"Naririto po ang susi ng kuwarto nina Daddy at Mommy." Iniabot niya iyon sa

nakatatandang pulis.

Nang mabuksan ang pinto ng silid nina Mr. at Mrs. De Guzman, pumasok ang liwanag sa silid ng mag-asawa. Dahan-dahang lumapit sa may pintuan ang mga pulis, nakahanda pa rin ang mga baril ng mga ito sa anumang mangyayari.

Binuksan ng senior police ang ilaw sa loob ng silid.

Sa ibabaw ng malaking kama, nakahigang natutulog ang mag-asawang Mr. at Mrs. De Guzman. Mabilis na lumapit si Jasper sa kama ng mga magulang. Biglang naalimpungatan ang mga ito at labis ang pagtataka sa kung sinu-sinong nasa silid ng mga ito.

"Jasper, ano'ng nangyari? Bakit may mga pulis dito sa kuwarto?" naguguluhang tanong ng kanyang ina.

Halata naman sa kilos ni Mr. Martin De Guzman na lasing pa ito.

"Bakit? Ano po ba'ng nangyari?" untag nito. "Jasper, may nagawa ka na naman bang problema?" baling nito sa anak.

"Wala po, Daddy. May gusto lang silang alamin sa inyo," magalang na sagot ni Jasper.

"Sige po, Sir. Sa labas na lamang po ninyo kami hintayin, magbibihis lamang po kami," pakiusap naman ni Carmen sa mga tao.

Nang makalabas ang mga pulis...

"Ano ba'ng nangyari, Martin? Bakit may mga pulis? Nakatulog ako sa sobrang pagod, kaya hindi ko namalayan kung ano'ng nangyari," nalilitong sabi ni Carmen.

"Wala na rin akong nalaman. Basta nagpaalam na ako na magpapahinga na, umakyat na rin ako dito at tumabi ako sa 'yo. Wala na akong nalaman, basta nang makahiga ako, mabilis akong nakatulog," tugon naman ni Martin.

Nang makapagbihis at makapag-ayos ang mag-asawa, lumabas ang mga ito ng silid at bumaba sa sala ng bahay.

Tumayo ang mga pulis pagkakita sa kanila.

"Sir, misis, may tumawag po sa istasyon namin pasado ala una nang madaling araw kanina, at ini-report na may commotion nga pong nangyayari dito sa loob ng inyong bakuran, kaya agad kaming rumesponde. Ayon naman po sa head ng security, may permit naman daw po kayo sa party ninyo," paliwanag ng senior officer. "Sir, halos wala pang sampung minuto mula nang i-report sa amin ang pangyayari, dumating kami dito sa lugar ninyo. Pero halos wasak na ang buong bakuran n'yo at ang mga kasangkapang ginamit sa pagtitipong nangyari dito sa loob

ng bakuran ninyo.”

“May ganoong nangyari sa loob ng bakuran namin? Sino? Sino’ng gumawa noon?’ nagtatakang tanong ni Mrs. Carmen.

“Hindi po namin alam. May dalawa po tayong maaring nakasaksi ng pangyayari, dalawang babae po ang natagpuan naming nakaligtas sa krimen,” dagdag pa ng opisyal ng pulis. “Pero isinugod na po namin sila sa ospital. Maaaring bukas pa po natin sila makunan ng statement hinggil sa pangyayaring ito. Sa ngayon po, ituturing muna namin pong crime scene ang bahay ninyo, at kayo din po ang mga pangunahing suspects sa nangyaring krimen,” pagtatapat ng pulis.

Mahigpit na yumakap si Carmen sa asawa, habang yumakap si Jasper sa ina.

“Ano’ng nangyari? Naguguluhan ako! Natulog lang ako, pagkatapos, ganito na ang sitwasyon paggising ko?” Nasa mukha ng ginang ang mga sinasabi.

“Mommy, may apat na lalaking patay sa bakuran natin. Sabi ng mga pulis, parang tinadtad daw ng killer ang mga katawan ng biktima,” bulong ni Jasper.

Tahimik lamang si Martin, sinisikap nitong ibalik sa isip kung ano ba talaga ang nangyari bago ito natulog dahil sa pagod at

kalasingan.

“Wala ka bang natatandaang nag-aaway na mga bisita natin bago ka natulog kagabi, Martin?” usisa ni Carmen.

“Wala akong natatandaan, masaya kaming nag-iinuman. S’abi ko nga, papasok lang ako sa comfort room sa loob ng bahay. Ayon, habang papasok ako, narinig ko na binibiro nila ako na hindi na nga raw ako babalik dahil matutulog na nga raw ako,” sagot ni Martin.

“Maari po ba kayong anyayahan sa police station? Doon na rin muna po kayo pansamantalang tumigil habang iniimbestigahan pa natin ang kaso,” magalang na anang opisyal ng pulis.

“Maaari po bang kumuha lang kami ng kaunting gamit namin?” hiling ni Carmen.

Nang pumasok si Jasper sa kanyang silid, agad niyang kinuha ang knapsack at naglagay ng ilang damit at personal na gamit. Isasara na sana niya ang bag nang may nasipa siya sa ilalim ng kama. Tumungo siya upang silipin ang bagay na natamaan niya sa ilalim ng kanyang kama.

Iyon ang aklat na kararating pa lamang mula sa online seller. Agad na kinuha ni Jasper ang aklat at inilagay sa loob ng kanyang knapsack.

“Okay na, boy?” tanong ng pulis na nagbabantay sa kanya sa loob ng silid.

“Okay na po, Sir. Nakuha ko na po ang mga kailangan ko,” sagot ni Jasper.

“Sige, ako na’ng magbubuhat ng bag mo. Mauna ka na, isasarado ko lang ang pinto nitong silid mo.”

Mag-uumaga pa lamang nang araw na iyon, trending na sa iba’t ibang social media platforms ang nangyaring massacre sa tahanan ng mga De Guzman sa isang pangmayamang village sa Pasig City. Subalit dahil sa mahigpit na pagbabantay sa pamilya, hindi nagkaroon ng pagkakataon ang media na makunan sila ng anumang pahayag.

Pinagbawalan na rin ang pamilya na gumamit ng anumang electronic gadget upang hindi makasira sa gagawing imbestigasyon sa karumal-dumal na krimen.

Sa isang pribadong silid dinala ang mga De Guzman. Maluwang iyon at lahat ng mga pangangailangan ng pamilya ay ibinibigay ng mga pulis.

“Ano’ng nangyayari, Martin? Bakit may ganito? Ni wala man lamang sa isip kong mangyayari sa atin ang ganitong sitwasyon,” naluluhang sabi ni Carmen.

“Ako man, wala sa isip ko ang ganito. Carmen, workaholic ako kasi gusto kong

maibigay sa inyo ni Jasper ang lahat ng pangangailangan ninyo. Kaya nga nagsikap akong magtrabaho, sinikap kong makuha ang mga bagay na pinapangarap ko sa pamamagitan ng pagsisikap. Nakuha ko naman, pero bakit may ganito? Bakit kailangang mangyari ang ganitong karumal-dumal na krimen sa loob pa ng property natin? Higit sa lahat, sinong killer ang pumasok at nang-massacre sa apat na katao? Mga kasamahan ko pa sa opisina ang biktima, ano na lamang ang sasabihin ng mga pamilya nila, na inanyayahan ko sila sa party ko para i-massacre?" tiim-bagang himutok ni Martin.

"Honey, wala tayong alam kung sino ang kriminal at kung ano ba talaga ang totoong nangyari, kaya huwag mong sisihin ang sarili mo. Inosente tayo, wala tayong alam kung ano ba talaga ang nangyari," paliwanag ni Carmen sa asawa.

Lumapit si Jasper sa mga magulang.

"Natatakot ako, Daddy, Mommy. Mabuti na lang po, hindi kayo nakasama sa nangyaring krimen," naluluhang anang binatilyo.

"Ikaw din, anak. Kung nagkataong maaga kang umuwi ng bahay noon, tiyak na nadamay ka sa ginawa ng kriminal na 'yon

sa mga bisita," masuyong niyakap ni Carmen ang bata.

"Huwag kang matakot, anak. Ligtas tayo dito. Pansamantala lang ito, pagkatapos ng imbestigasyon, makakauwi din tayo sa ating bahay," pagpapalakas-loob naman ni Martin.

"Sige, anak, doon ka muna sa kuwarto mo. Huwag kang mag-alala, narito lamang kami ni Daddy mo. Babantayan ka namin."

Pumasok si Jasper sa silid kung saan sila inilagay ng mga pulis. Maayos ang silid, kompleto sa kasangkapan, pero dahil ipinagbawal sa kanila ang paggamit ng anumang electronic devices, maging ang panonood ng telebisyon, kailangang mahiga lang sila, matulog o kaya ay magbasa sa loob ng silid. Mga babasahing outdated na ang tanging pinayagang basahin nila habang nasa custody sila ng mga pulis.

Sa halos isang araw pa lamang ng pananatili ni Jasper sa nasabing lugar, nakadama na agad siya ng labis na boredom sa kanyang sitwasyon. Dahil hindi siya sanay na manatili lamang sa isang lugar at walang magamit na anumang gadget, pakiramdam ni Jasper ay nawawalan na siya ng contact sa mundo. Hindi na siya updated sa mga nangyayari sa mga kaibigan.

Sinikap ni Jasper na pakalmahin ang

sarili. Pinagtiyagaan niyang kainin kung ano ang laman ng personal ref na nasa kanyang silid, at gaya ng sinabi ng mga pulis, kung ano ang gusto niyang kainin, maari niyang sabihin sa tagabantay upang maibigay sa kanya.

Ganoon nga ang ginawa ni Jasper, mula sa pag-order ng mga pagkaing galing sa paborito niyang food chains, hanggang sa paghingi ng iba't ibang inuming soda na galing sa paborito niyang convenience stores. Sa buong maghapon, ganoon ang ginagawa ni Jasper—ang abalahin ang isip tungkol sa pagkain.

At madalas, siya lamang mag-isa ang naiiwan dahil ang kanyang mga magulang ay dumaraan sa matinding imbestigasyon ukol sa nangyaring krimen sa loob ng kanilang tahanan.

Habang nakahiga si Jasper, nagbabasa siya ng mga lumang diyaryo at magazines. Inihagis niya ang lumang diyaryo at agad na dinukwang ang knapsack kung saan naalala niyang nakalagay ang aklat na dumating sa kanya.